



Marso 20, 2023

Patay na waterfowl nagpositibo sa Avian Influenza

BRAMPTON, ON – Ang dating naiulat na patay na waterfowl na natagpuan sa mga lugar sa Professor's Lake at Duncan Valley Foster South ay nagpositibo sa Avian Influenza (bird flu).

Ipinadala ang mga ispesimen sa Canadian Wildlife Health Cooperative (CWHC) kung saan ang Avian Influenza (bird flu) ay nakumpirma bilang sanhi ng kamatayan.

Ang panganib ng Avian Influenza (bird flu) na kumalat sa mga tao ay labis na bihira. Walang mga palatandaan ng tumataas na panganib sa pangkalahatang publiko sa panahong ito.

Upang makatulong sa pagprotekta sa kalusugan at kaligtasan ng mga residente at alagang hayop, ibinibigay ng Lungsod ng Brampton ang mga tip sa ibaba bilang tugon sa tumataas na bilang ng namatay na waterfowl:

- Ilayo ang mga hayop mula sa alinmang waterfowl o dumi (fecal matter)
- Huwag magpakain o kaya ay makipag-interact sa waterfowl
- Panatilihin ang mga pusa sa loob ng bahay
- Panatilihin ang mga aso na nakatali (ayon sa iniuutos sa ilalim ng ordinansa ng munisipyo)
- Huwag pakainin ang mga alagang hayop (hal., mga aso o pusa) ng anumang hilaw na karne mula sa mga ibon na pang-game o poultry
- Ang mga alagang ibon, kung hindi karaniwang pinanatili indoor, ay dapat na nililimitahan sa loob ng bahay/gusali
- Ang mga lalagyan ng pagkain ng ibon ay dapat tanggalin o hugasan gamit ang sabon at tubig nang madalas upang mabawasan ang pagkakataon ng kontaminasyon ng bacteria o virus

Sa panahong ito, ang lahat ng pampublikong lugar kung saan natagpuan ang patay na waterfowl ay nananatiling bukas sa publiko. Idadagdag ang karatula upang ipaalam sa pangkalahatang publiko na ang waterfowl sa area ay maaaring nahawahan ng Avian Influenza (bird flu).

Kung ang mga miyembro ng publiko ay makakatuklas ng patay na waterfowl, hinihiling sila na tumawag sa 3-1-1.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Canadian Geese ay makikita sa website ng Lungsod ng Brampton [dito](#).

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa Avian Influenza (bird flu) ay makikita sa website ng Pamahalaan ng Canada [dito](#).



BRAMPTON

Service and Information Update

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca